REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 97-64**

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD, KGG. IGNACIO R. BUNYE NA LUMAGDA SA KASUNDUAN NG PAMAMAHALA (MANAGEMENT CONTRACT) NG BAHAGI NG OPEN SPACE NG TIOSEJO SUBDIVISION, NA HINDI KUKULANGIN SA SUKAT NA ISANG LIBONG METRO KUWADRADO (1,000 SQUARE METERS) SA LUGAR NA KINATATAYUAN NG MULTI-PURPOSE CENTER, SA TIOSEJO HOMEOWNERS AND TENANTS ASSOCIATION.**

************************************************************************

Ipinanukala nina : **Kgg. Jaime R. Fresnedi**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**

Kasamang nagpanukala : **Kgg. Rafael R. Arciaga**
**Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Rey E. Bulay**
**Kgg. Roman E. Niefes**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Alejandro L. Martinez**
**Kgg. Artemio A. Simundac**

************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang open space ng R.M. Tiosejo Subdivision na matatagpuan sa Barangay Tunasan ay ipinagkaloob sa Pamahalaang Lungsod at ang Kasulatan ng Donasyon (Deed of Donation) ay pinagtibay ng Sangguniang Panglungsod alinsunod sa Kapasiyahan Bilang 96-279;

**SAPAGKAT,** bago pa naipagkaloob ang nabanggit na open space sa Pamahalaang Lungsod, ang Tiosejo Homeowners and Tenants Association ay nakapagtayo na ng isang istruktura na kasalukuyang ginagamit ng Samahan bilang Multi-Purpose Center.

**SAPAGKAT,** dahil sa donasyon ng "open space" sa Pamahalaang Lungsod, ang Samahan ay humihiling na ang pangangasiwa ng bahagi ng nasabing "open space", na may sukat na Isang Libong metro kuwadrado (1,000 square meters) sa lugar na kinatatayuan ng kanilang Multi-Purpose Center, ay mapanatili nila;

**SAPAGKAT,** ang pagbibigay pahintulot sa kahilingan ay nagpapakita na ang Pamahalaang Lungsod ay nagmamalasakit sa kapakanan ng mamamayan at sa ikagaganda ng pamayanan;

**SAPAGKAT,** sa anumang proyekto na pamamahalaan o ipagagawa ng Samahan sa lote na pahihintulutan ng Pamahalaang Lungsod, ito ay nararapat padaanin sa Sangguniang Panglungsod para sa kaukulang pagpapatibay.

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod na bigyan ng kapangyarihan ang Punonglungsod, Kgg. Ignacio R. Bunye na lumagda sa kasunduan ng Pamamahala (Management Contract) sa pamunuan ng R.M.Tiosejo Homeowners and Tenants Association upang ang bahagi ng open space na may sukat na hindi kukulangin sa Isang Libong metro kuwadrado (1,000 square meters), mula sa kinalalagyan ng Multi-Purpose Center ng nabanggit na subdibisyon, ay pangasiwaan ng nabanggit na pamunuan.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **28 Hulyo 1997**, sa ginanap na **ika-91 na Regular na Sesyon.**

**SUMANG-AYON :**

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**KGG. JAIME R. FRESNEDI**
Pansamantalang Punonglungsod

Petsa : ____________________